

FUN TEACHER FILES

# Alaga ni Ana

Si Ana ay bata.
May ibon siya.
Araw-araw niya itong
inaalagaan.
Pinakakain niya ito.



FUN TEACHER FILES

# Libro ni Ben

May libro si Ben.
Bago ang libro niya.
Binasa ni Ben ang libro.
Natuwa siya sa kuwento.



FT FUN TEACHER FILES

# Si Nanay

Si Nanay ay nasa kusina.
Nagluto siya.
Inihain ni Nanay
ang kanin at isda.
Kumain ang pamilya.



FUN TEACHER FILES

# Tinapay

May tinapay sa mesa.
Mainit pa ang tinapay.
Kinuha ito ng bata.
Kinain niya ito.



FT FUN TEACHER FILES

# Sapatos ni Lea

May sapatos si Lea.
Bago ang sapatos niya.
Isinuot ni Lea ang sapatos.
Tuwang-tuwa siya
sa bagong sapatos.



FT FUN TEACHER FILES

# Tubig

May tubig sa baso.
Malinis ang tubig.
Uminom ang bata ng tubig.
Napawi ang uhaw niya.